IBO IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

M06/1/A1PIL/SP1/TGL/TZ0/XX

22060227

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Monday 22 May 2006 (morning)
Lundi 22 mai 2006 (matin)
Lunes 22 de mayo de 2006 (mañana)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only. It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Rédigez un commentaire sur un seul des passages. Le commentaire ne doit pas nécessairement répondre aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le désirez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento. No es obligatorio responder directamente a las preguntas que se ofrecen a modo de guía. Sin embargo, puede usarlas si lo desea.

*Magsulat ng isang komentaryo sa* ***isang*** *sipi lamang.* ***Hindi*** *kailangang tumugon nang diretsahan sa mga gabay na tanong. Gayunpaman, hinihikayat kayong gamitin ang mga ito para sa paglunsad ng inyong komentaryo.*

**1.** (a)

ANG AKALA YATA NI MRS. IÑIGO'Y IBIG KONG magpakwela. Gusto ko raw yatang magsilbing *cartoon* ng klase. Galit talaga. Gusto ko sanang sabihin, ba't ba 'ko magpapakwela nang libre? Kung puwede ba akong *star,* mabubulok ba ako sa klase niya, magtitiyaga akong gumising ng alas-sais ng umaga para hindi lang ako mahuli sa tinamaan ng kulog na klase niya? Hindi na. Gusto ko sanang sabihin, ba't ba, kasalanan ko ba kung madaling bumili ng siste ang mga kaklase ko, ba't hindi sila ang sibatin niya ng titig?

Sapak talaga iyong pagkatitig sa akin. Kung sibat lang iyon, wala, tapos na 'ko. Iyon ang sagasa. Iyon ang *metaphor* na pinagmulan ng galit niya. Ang titig ni Mrs. Iñigo ay sibat. *Metaphor,* hindi ba? Parang ganoon ang ibinigay kong halimbawa nang tawagin niya 'ko. Walang halong biro ang sagot ko. Sabi ko, ang bibig ng nanay ko'y isang gubat. Mali ba iyon? Tawanan naman ang mga kaklase ko. Ewan ko na tuloy kung bakit naasar si Mrs. Iñigo, kung dahil sa tawanan o dahil sa mali ko.

Ipaglalaban ko sana ang sagot ko kung sinabi niyang mali ako. Sasabihin ko sana: Alam mo, Ma'm, paggising ko sa umaga, umaandar na ang radyo namin, 'yung radyong naglalakad at kumakain, tatak Nanay. Bumubusa na: lahat kami tamad, walang pakinabang, walang mararating, batugan, palamunin, patabaing baboy, buwisit kaming lahat. Ang daming anunsyo ng nanay ko, iyon ang gusto kong sabihin, magulo hindi ko maintindihan. Di parang gubat iyon, iyon ang gusto kong sabihin.

Asar na 'kong talaga. Kung maniniwala ako sa naririnig ko tuwing umaga, hindi na ako magpapagod ng kababasa ng isang katerbang *assignment* na itinatambak sa 'min. Buwisit din lang at walang tutuluyan, magpapagod ka pa. Pero hindi ako naniniwala sa nanay ko. Wala lang pera iyon kaya ganoon. Kapag lumakas-lakas lang ang imprenta, pag di nag-iba ang tabas ng usapan. Saka galit pa siguro iyon dahil kay Dite[1] Ched. Pambihira naman kasi talaga iyon. Sa dami-dami ng gulo sa mundo, isiningit pa ang pagtatanan. Sasama-sama sa PC[2], tapos hindi marunong maghabol. Nandoon, pasukasuka. Doon lalong nagalit ang nanay ko.

"Asan ngayon ang mahal mo, nasaan?" Ang tinis ng boses ng nanay ko. Para ka talagang ibig utasin sa pagkabingi.

Iyak nang iyak ang Dite Ched. Nasaan nga kaya ang mahal niya? Gusto ko sanang sabihin, nandoon, Nay, nakikipagdama kay Raval[3], pero baka ako samain kaya hindi na lang ako sumali sa usapan. Tuloy na lang ang basa ng tulang in*assign* ni Miss Rivera. John Keats na naman kami, iyon bang makatang mahilig sa huni ng ibon at usapan tungkol sa kagandahan? *Type* na *type* ni Miss Rivera. Mamememorya na yata noon lahat ang nasabi ni Keats. Siyempre, bilib ang klase, ang husay ba namang humaplit ng Ingles, pa'no. Bilib din ako kaya lang natatawa ako minsan. Ano ba ang koneksiyon ng huni ng ibon sa kalam ng sikmura ko? Minsan kasi, kapag masyadong mainit ang ulo ng nanay ko, kapag palagay ko'y nagbabaga iyon, sumisibat na lang ako. Wala nang kape-kape. Basta ayokong mautas sa pagkabingi.

Di papasok nga akong said ang sikmura at mauupo sa isang sulok ng Torres[4]. Doon pinapasok ng bubuyog ang isip ko. Katakut-takot na pagmamakata ang ginagawa ng isip ko.

---

1 Dite – termino ng paggalang sa mas matandang kapatid na babae.
2 PC – Philippine Constabulary.
3 Raval – Heneral at puno ng Philippine Constabulary sa panahon bg panunungkulan ni President Ferdinand Marcos.
4 Torres – Torres High School, isang kilalang paaralang pampubliko sa Tondo, Manila.

Halimbawa, nasasaisip ko, bakit sa loob ng klase, parang ang liit ng mundo, parang naroroon na ang lahat? Kapag nakinig ka sa mga titser mo, parang simpleng-simple lang ang buhay, nabobola ka tuloy. Minsan naiisip ko rin, bakit ni isa man sa mga titser ko, walang nagsasabi sa 'min na balang araw matutulad din kami sa mga tatay-tatay namin, mababaon kami sa utang at saka iyong mga babae sa klase, parang magiging nanay-nanay din ang mga iyon, magmumura rin silang lahat ng buwisit at peste. Wala. Sabi lang sila nang sabi na pantay-pantay tayong lahat sa mata ng batas. Okey pakinggan, ano? Tunay. Minsan, gusto kong sumigaw. Bola 'yan, gusto kong sabihin, bakit ang Kuya[5] Nardo ko, nanligaw lang, pinabugbog nang todo ni Ferming Tisoy? O, bakit walang nangyari sa demanda? Pantay ba ang Kuya Nardo ko sa anak ng konsehal, pantay ba? Bola 'yan.

Pero di na-*suspend* ako nang di oras. Gulo na naman. Magsu-*suicide* na ang nanay ko kapag nagkataon. Kaya *shut up* na lang, sabi ko sa sarili ko. *Easy* ka lang, boy, sabi ko sa sarili ko. Saka ka na lang magsalita kapag natapos ka na't may hanapbuhay, may makikinig na sa iyo, pati ang nanay mo siguro, tingnan mo lang si Kuya Nardo, may intrega, pinakikinggan. Pero ngayon, *shut up* na lamang.

Di *shut up* na nga. Pinanonood ko na lang si Estela. Ang ganda ni Estela, ang tangos ng ilong. Panay ang *recite*, gusto yatang mag-*salutatorian* e. Panay ang taas ng kamay, ang puti. Kinain na yata ang lahat ng libro namin, parang kinanya nang lahat. Dibdiban talaga. Masyadong *grade conscious,* sabik sa medalyang ido-*donate* ng mga konsehal. Pero ako, tuloy ang plano ko. Kapag sa *graduation* namin sa akin napunta ang laso o ang medalyang donasyon ng tatay ni Ferming Tisoy, *thank you* na lang. Hindi bale na, hindi naman ako nag-*editor* para sa medalya lang.

O, nasabi ko na rin. *Editor* ako, hindi pa nga kumikita pero *big shot* na rin. Kapag *editor* ka, maraming kahulugan iyan, ba. Puwedeng hindi basta-basta ang utak mo. Nag-iisip ka. Puwedeng tama ang Ingles mo, *plural* kung *plural,* hindi paliku-liko tulad ng esterong dinadaanan namin. Ang baho ng esterong iyon, kasimbaho ng isip ni Temyong Alat, iyong pulis sa kanto naming na ipinaglihi sa tong. Walang patawad iyon, kung walang *cash*, kahit balot tinatanggap. Ang kapal talaga, mabaho pa sa estero.

Norma Miraflor, *"Sulat Mula sa Pritil"*[6] (1970)

---

5 Kuya – termino ng paggalang sa isang mas nakatatandang kapatid na lalake.

6 Pritil – isang lugar sa Tondo, Manila na kilalang tirahan ng pinakamahihirap sa lipunang Pilipino.

– Mula sa kanyang paraan ng pagsalaysay, at uri ng wikang ginamit, talakayin ang uri ng karakter ng tagasalaysay na nabubuo sa iyong isip.

– Suriin ang mga puna ng tagasalaysay sa mga institusyon ng lipunan tulad ng pamilya, hustisya at lalo na ng sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Takakayin kung may mga batayan ba ang mga punang ito.

– Magkomento sa naratibong teknik na ginamit ng may-akda. Sa iyong palagay, nakadagdag ba ito o hindi sa daloy at husay ng kwento?

**1.** (b)

Marahang marahang
manaog ka, Irog, at kita’y lalakad,
maglulunoy kitang
payapang-payapa sa tabi ng dagat;
di na kailangang
sapnan pa ang paang binalat-sibuyas,
ang daliring garing[1]
at sakong na wari’y kinuyom na rosas!

Manunulay kita,
habang maaga pa, sa isang pilapil
na nalalatagan
ng damong may luha ng mga bituin;
patiyad na tayo’y
mangaghahabulang simbilis ng hangin,
ngunit walang ingay,
hanggang sa sumapit sa tiping buhangin…

Pagdating sa tubig,
mapapaurong kang parang nangingimi,
gaganyakin kita
sa nangangaroong mga lamang-lati[2];
doon ay may tahong,
talaba’t halaang kabigha-bighani,
hindi kaya natin
mapuno ang buslo bago tumanghali?

Pagdadapit-hapon
kita’y magbabalik sa pinanggalingan
sugatan ang paa
sunog ang balat sa sikat ng araw!
Talagang ganoon…
Sa dagat man, Irog, ng kaligayahan,
lahat, pati puso
ay naaagnas ding marahang-marahan…

Ildefonso Santos, *“Sa Tabi ng Dagat”* (1932)

---

[1] Garing – “ivory” o maputi.

[2] Lamang-lati – mga laman ng dagat na karaniwang matatagpuan kahit sa dalampasigan o mabasa-basang lupa.

– Paghambingin at suriin ang mga salitang ginamit para ilarawan ang babaeng iniirog sa simula at dulo ng tula. Ano ang pinahihiwatig ng magkaibang paglalarawan?

– Talakayin kung paano napapaigting ng kakaibang anyo ng tula ang dominanteng imahen nito at gayon din, kung paano naipapahayag ng struktura ng tula ang tema nito.

– Sa iyong palagay, gaano katoo ang obserbasyon na romantiko man ang wikang ginamit ng makata sa tula, ang tula mismo ay isang pag-labag sa romantikong nosyon ng pag-ibig. Magbigay ng patunay.